

WARM-UP

- Ano ang pinakahuling imbitasyon na natanggap mo?
- Nasubukan mo na bang magpaputi ng isang nadumihang puting sapatos? Napaputi mo ba ulit ito?
- Ano ang isang bagay na hindi mo maaaring hindi gawin bago mo simulan ang araw mo?

WORD *Sinabi pa ng PANGINOON, “Halikayo’t pag-usapan natin ito. Kahit gaano man karumi ang inyong mga kasalanan, lilinisin ko iyan para maging malinis kayo.”* **ISAIAH 1:18**

(Basahin din ang **ISAIAH 1:1-17, 19-20.**)

Kung ang libro ni Isaias ay isang pelikula, ang unang kabanata nito, ang pambungad na eksena, ay masasabing isang eksena sa korte. Ang Diyos ay naghahain ng kaso laban sa mga taong minamahal Niya, at ito ang Kanyang habla: *Nagrebeld sila sa akin* (Isaias 1:2). Upang maunawaan ang bigat ng pagkakasalang ito, mahalagang maunawaan na may umiiral na kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng mga mamamayan ng Israel. Ang mga ritwal na binanggit sa kabanatang ito, gaya ng pag-aalay ng mga sinunog na handog at pagdiriwang ng mga nakatakdang pista, ay pagpapahayag ng kasunduang ito. Tulad ito ng isang pangakong ibinigay sa isang tao bilang pagpapahayag ng pag-ibig, pagnanais ng isang bata na parangalan ang kanyang mga magulang sa kanyang pagtanda, o kaya ay pangakong katapat ng isang asawa sa kanyang kabiyak sa bawat paglipas ng taon. Sa araw na ito, titingnan natin ang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga mamamayan at kung paano nakita ang Kanyang dakilang katapatan sa kabila ng ating kataksilan.

1

May kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga mamamayan.

²*Pakinggan ninyo langit at lupa, dahil sinabi ng PANGINOON, "Inalagaan ko't pinalaki ang mga Israelita na aking mga anak, pero nagrebelde sila sa akin. ³Kahit ang mga baka'y kilala ang kanilang tagapag-alaga, at ang mga asno'y alam kung saang sabsaban sila pinapakain ng nagmamay-ari sa kanila, pero ang mga mamamayan kong Israelita ay hindi nakakakilala sa akin."*

ISAIAS 1:2-3

Ang isang kasunduan ay isang pagsang-ayon sa pagitan ng dalawang panig. Ang isang halimbawa nito ay ang kasunduan ng pag-aasawa kung saan may dalawang tao na nangangakong mamahalin ang isa't-isa habambuhay. Ang anumang kasunduan ay humihingi ng katapatan. Ang Diyos ang nakipag-ugnayan sa Israel, at makikita sa Kasulatan na ang Diyos ay patuloy na naging matapat sa mga taong minamahal Niya. Siya ang gumawa ng paraan upang magkaroon ng kasunduan sa pagitan nila at patuloy Siyang nagbuhos ng pangangalaga at pagmamahal sa kanila. Paano mo nakita ang pagpapahayag ng Diyos ng Kanyang pagmamahal sa iyo? Paano Niya nakuha ang iyong pagmamahal?

2

Ang mga mamamayan ng Diyos ay hindi naging tapat sa kasunduan.

⁴*Sila ay bansang makasalanan, mga taong punong-puno ng kasamaan, lahi ng mga gumagawa ng masama at mapaminsala. Itinakwil nila at kinutya ang PANGINOON, ang Banal na Diyos ng Israel, at siya'y tinalikuran nila. ⁵Mga taga-Israel, bakit patuloy kayong nagrebelde? Gusto pa ba ninyong maparusahan? Para kayong tao na puro sugat ang ulo at ang puso'y puno ng sakit.*

ISAIAS 1:4-5

Sa mga talatang ito, binanggit ng Diyos ang kataksilan ng Kanyang mga mamamayan. *Itinakwil nila at kinutya ang PANGINOON.* Patuloy nilang ginagawa ang pagbibigay ng mga handog at sakripisyo, subalit walang pagmamahal sa Diyos

sa kanilang mga puso (Isaias 1:11–14). Dahil dito, sinabi ng Diyos na nasusuklam Siya sa kanilang mga pista at hindi na Niya matiis ang kanilang mga pagtitipon. Bagama't mahalaga para sa Diyos ang mga ginagawa natin bilang pagpapakita ng pagmamahal, ito ay nagiging mga ritwal na walang kabuluhan kung ang ating puso ay malayo sa Kanya. Bilang isang tagasunod ni Cristo, kailan mo naunawaan na ang nais ng Diyos ay ang puso mo at hindi ang anumang maaari mong gawin para sa Kanya? Paano nito naapektuhan ang ugnayan mo sa Diyos?

3 | Inanyayahan ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan na bumalik sa Kanya.

Sinabi pa ng PANGINOON, “Halikayo’t pag-usapan natin ito. Kahit gaano man karumi ang inyong mga kasalanan, lilinisin ko iyan para maging malinis kayo.” ISAIAH 1:18

Makikita natin sa mga talatang ito na ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos ang mga pagkukulang ng Kanyang mga mamamayan ay hindi upang putulin ang Kanyang ugnayan sa kanila kundi upang ibalik sila sa Kanya. Tiniyak Niya sa kanila na gaano man kabigat ang kanilang kataksilan, buburahin Niya ang lahat ng bakas ng kanilang kawalan ng katapatan at gagawin silang malinis. Sinasabi ng Diyos na tutuparin Niya ang Kanyang bahagi sa kasunduan, subalit nais Niyang magsisi ang Kanyang mga mamamayan at bumalik sa Kanya. Tulad nito, tinatawag Niya tayo upang magkaroon ng tunay na ugnayan sa Kanya, at hindi isang mapagpanggap na ugnayan na nagtatago sa likod ng mga relihiyosong gawain. Bagama't tayo ay hindi naging matapat, Siya ay laging magiging tapat sa atin. Paano natin maipapahayag sa iba ang imbitasyon ng Diyos na lumapit sa Kanya?

APPLICATION

- Ano ang tugon mo sa kasunduan na ginawa ng Diyos para sa Kanyang mga mamamayan? Ano ang dapat na maging tugon mo sa Kanyang katapatan?
- May mga ginagawa ka bang ritwal na walang kabuluhan? Sa palagay mo, paano ito dapat magbago? Manalangin tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin sa ibang paraan upang mapalalim ang ugnayan mo sa Diyos.
- Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo bilang pagpapahayag ng pag-ibig mo sa Diyos? Paano ka makakatulong sa pag-akay sa mga tao pabalik sa ugnayang puno ng pagmamahal sa piling Niya?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang kasunduan sa Kanyang mga mamamayan at sa paggawa ng paraan upang magkaroon ng malalim na ugnayan sa Kanya. Pasalamatang Siya sa Kanyang katapatan sa kabila ng ating kataksilan.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng buhay mo kung saan nagtataksil ka sa Kanya. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng kakayahan na manatiling matapat habang namumuhay ka sa piling Niya araw-araw.
- Kilalanin na kung wala ang Diyos, hindi natin magagawang ayusin ang ating mga sarili. Pasalamatang Siya sa pagbigay ng paanyaya na linisin ang ating mga kasalanan at sa pagkakataon na maibahagi ito sa iba.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph